Department of Environment and Natural Resources
Region IV - MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Sta. Monica, Puerto Princesa City

September 19, 2023

**Paksa: SULAT NI GNG. AMELIA VILLALUZ SA PANGULO NG PILIPINAS NA MAY PETSANG IKA-01 NG SETYEMBRE, 2023 AT MAY NUMERONG PACE CODE NO. PM-DAVE-09-113-2023-418**

**Gng. Amelia D. Villaluz**
Email Address: aubrevista@gmail.com

**Sa inyo Gng. Villaluz,**

Isang maka-kalikasang araw!

Ito po ay may kaugnayan sa inyong liham sa Kagalang-galang na Pangulo ng Pilipinas, Ferdinand R. Marcos, Jr. na ipina-abot sa tanggapang ito.

Ayon sa talaan ng tanggapang ito, kayo ay maraming beses ng inabisuhan tungkol sa tunay na kalagayan ng lupaing inyong tinutukoy sa inyong liham. Ang kasagutang ito ay ipinaabot sa inyo sa pamamagitan ng email address na inyong ibinigay sapagkat wala kayong pamuhatan/address na inilagay sa inyong liham.

Karagdagan dito, nais ng tanggapan na ito na isa-isahin ang mga bagay na inilahad ninyo sa inyong liham patungo sa ating Pangulo, at ito ay ang mga sumusunod:

1. **"Ang nais lang po muna ay MAI-KANSEL ANG MALING PLANO"**

   Nais naming bigyang diin ang Resolution No. 762-2010 ng Sangguniang Panlungsod ng Puerto Princesa. Ang nasabing resolusyon ay inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ng Puerto Princesa noong ika -22 ng Pebrero, taong 2010, na may titulong ***"A Resolution Confirming and Recognizing the Existing Political Boundaries of Barangay Macarascas and Barangay Buenavista, Both of this City"***, na ang bahagi nito ay naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

   - Na, ayon sa nasabing resolusyon, ang **Legal Opinyon No. 002-2010** na may petsang ika-11 ng Pebrero, 2010 ay nagsasabi na ang City Legal Officer ay nagbigay ng legal na opinyon kaugnay sa diumano'y **political boundary dispute** sa pagitan ng Barangay Macarascas at Buenavista, Puerto Princesa City;

   - Na, gaya ng nakasaad sa legal opinion ng City Legal Office na dahil ang punto ng sanggunian ng aktwal na hangganan ay maliwanag, samakatuwid ay walang pagtatalo sa hangganan. Sa kabilang banda, ang "Joint Resolution" ay labas sa kapangyarihan dahil binabago nito ang hangganan ng dalawang barangay. Ayon pa dito, kung igigiit na gawing hangganan ng dalawang barangay ang "Sia River" ay **mangangailangan ng pagsasagawa ng PLEBISITO para sa parehong barangay upang magpasya alinsunod sa probisyon ng Republic Act 7160**.

- Na, kinukumpirma at kinikilala ng Resolusyon No. 762-2010 ang umiiral na mga hangganang politikal ng Barangay Macascas at Barangay Buenavista, Puerto Princesa City.

- Ang tinutukoy naman na plano na nasa pangalan ni Gng. Romia Labrador ay nangyari lamang dahil ayon sa impormasyon na aming nakalap, si Gng. Romia Labrador ang kasalukuyang Barangay Kapitan noong panahon na ang nasabing survey at plano ay isinagawa at maaprobahan kung kaya't lumalabas na ito ay bilang pagganap lamang sa kaniyang opisyal na katungkulan bilang kapitan.

Dahil sa mga kadahilanang nabanggit sa itaas, lumalabas na walang dahilan para kanselahin ang nababanggit na plano.

2. **"Kawawa po ang mga naisyuhan ng patong-patong na titulo, nagtalo-talo sa lupang binenta at hindi mailipat sa nakabili.**

   Kaugnay sa tinutukoy ninyong pagkakapatong-patong ng titulo, pinapayuhan namin ang mga may-ari nito na makipag-ugnayan sa aming tanggapan para maisagawa ang mas malalim na beripikasyon upang malaman kung nagkaroon nga ng pagkakapatong-patong ng titulo. Mangyari lamang na magsumite ng certified true copy ng titulo ng mga nasasangkot na lupa.

3. **"At habang nandoon po kami sa labas ng opisina ng DENR PENRO-CENRO ay kawawa ang mga tao naghihintay ng matagal"**

   Upang kayo at ang inyong grupo ay mapaliwanagan sa ilang bagay, kayo po ay inanyayahan na makipag-ugnayan sa tanggapang ito sa pamamagitan ng liham na may petsang ika-26 ng Hulyo, 2023. Noong ika-7 ng Agosto, 2023, kayo lamang pong mag-isa ang dumating at nakipag-usap sa amin. Kung ating babalikan ang nasabing araw, ito ay pumatak sa Lunes. Nais naming ipabatid na ang tanggapang ito ay nagsasagawa ng **"Monday Forum" o Pagpupulong tuwing Lunes ng umaga** upang pag-usapan ang mga suliranin na kinakaharap ng bawat seksyon. Sa araw ding ito ibinibigay ang mga **Kautusan** upang lalo pang mapaganda ang serbisyo ng DENR sa publiko, kung kaya't pinatapos pa ang nasabing pagpupulong bago pa nabigyan ng pagkakataon na maka-usap ng inyong lingkod ang sinuman.

4. **"May mga fixer, sila pa talaga ang nagpapaliwanag sa tao, tapos may lalabas na utility ng DENR naka uniform tagasubmit ng papel ng fixer sa loob? Papaano po ang walang kakilala sa loob."**

   Nais po naming pabulaanan ang mga nasabing alegasyon. Kung sinasabi po ninyo na may mga fixer kayong nakita, mangyaring ipagbigay-alam lamang sa amin ang buong pangalan ng nasabing tao, kalakip ang ebidensya, upang aming mapaimbestigahan.

   Nais din naming ipabatid na kung gusto ng sinuman na may makausap na isang empleyado mula sa CENRO kaugnay sa hinihiling na serbisyo, kinakailangan lamang na siya ay magsabi sa taong nakatalaga sa "Information Counter" na nais niyang makausap ang tamang tao nang sa ganon ay mapayuhan siya ng tamang rekisito at proseso.

   Gusto naming bigyang diin na wala pong palakasan sa loob ng aming tanggapan. Kahit na may kakulangan sa tao ang DENR-CENRO Puerto Princesa ay ginagampanan pa rin ng mga empleyado nito, sa abot ng kanilang makakaya ang lahat upang matugunan lamang ang lahat ng kahilingan ng publiko.

5. **"Ngunit hindi dapat madamay ang maraming miyembro, na nagbayad ng lahat ng application fee, survey fee, monthly dues, and miscellaneous fee sa Treasurer at Presidente"**

Nais naming ipabatid na walang kinalaman ang tanggapang ito sa anumang bayaran na naganap sa pagitan ng mga miyembro ng nasabing asosyon at ng Treasurer at Presidente nito. Ang lahat na sinisingil na bayarin ng DENR sa publiko ay may kaakibat na "Official Receipt" tanda na natanggap nito ang kaukulang pera bilang kabayaran sa serbisyo nitong ibinigay.

6. **"Subalit…kami po ay hindi nawawalan ng pag-asa na makamit namin ang kalinga ng ating pamahalaan na magkaroon ng sariling lote and bawat pamilya"**

Nais naming bigyang diin na upang magkaroon ng titulo ang isang lupain sa pangalan ng isang tao, anumang aplikasyon nito sa pagpapatitulo ng lupa ay dapat na dumaan sa tamang proseso at makompleto ang mga hinihinging dokumento sang-ayon sa umiiral na patakaran, mga tuntunin at regulasyon na ipinapatupad ng DENR.

Nais din naming ipaabot sa inyo na ang tanggapang ito ay nakatanggap ng isang liham na may petsang ika-28 ng Agosto 2023 mula kay Ginoong Quirino D. Abrea, Presidente ng Aubre Vista Heights Homeowner's Association Inc. na nagsasabi ng mga sumusunod:

> ***"We would like to make it clear that Ms. Amelia D. Villaluz is not a recognized Member of AVH HOA. Any actions or concerns raised by her do not represent or reflect the views, decisions, or stances of our association. We have no official affiliation or relationship with Ms. Amelia D. Villaluz"***

Maraming salamat po at nawa ay nasagot namin ang lahat ng inyong mga katanungan at hinaing.

Lubos na gumagalang,

**ALEXANDER E. MANCIO**
OIC-CENRO

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 2213
DATE: Sept. 19, 2023
BY: